Republika ng Pilipinas
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
Rehiyon I
**Pansangay na Tanggapan ng mga Paaralan**
Lungsod ng Dagupan

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 272 s. 2018

RELEASED
DATE: 7.30.18
BY: 7:20 am

Sa mga: Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Hepe ng CID at SGOD
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok sa Pampagtuturo
Punong-guro sa Elementarya at Sekondarya (Publiko at Pribado)
Ulong-guro sa Filipino
Guro sa Filipino

Mula sa: Tanggapan ng Pansangay na Tagapamanihala

Paksa: PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018

Petsa: Hulyo 25, 2018

1. Alinsunod sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 119, s. 2018 ukol sa Buwan ng Wikang Pambansa 2018. Ang Pansangay na Tanggapan ng mga Paaralan ng Lungsod ng Dagupan ay nakikiisa sa pagdiriwang na ito. Ang tema ng pagdiriwang ay **"FILIPINO: WIKA NG SALIKSIK"**.

2. Ang layunin ng nasabing pagdiriwang ay ang mga sumusunod :

   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s.1997;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad, nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod.

   a. Filipino : Kasangkapan sa Pambansang Karunungan;
   b. Kayamanang Kultural: Saliksikin Gamit ang Sariling Wika Natin;
   c. Filipino, Isang Dakilang Pamanang Bayan; at
   e. Intelektuwalisasyon ng Filipino, para sa Kaunlaran ng Bansa.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang patnubay at batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Ang mga nasabing paksa ay hindi nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Bunga nito, isasagawa ng mga paaralan (school-based) ang nasabing pagdiriwang ang iba't ibang malikhaing paligsahan sa elementary at sekondarya. Ang mga paligsahan/aktibitis na ito ay ang mga sumusunod.

**Elementarya**

- Paggawa ng Slogan, Pagsulat ng Tula
- Pang-entabladong Performans – Katutubong sayaw
- Parada ng mga kasuotang Pang-etniko
- Spoken Word Poetry sa Filipino
- Masining na Pagbasa (Readers' Theater)

**Sekondarya**

- Pagsulat ng Lathalain at Editoryal
- Pagsulat ng Maikling Kwento
- Pang-entabladong Performans – Balagtasan at Skit
- Parada ng mga kasuutang Pang-etniko
- Spoken Word Poetry sa Filipino
- Masining na Pagbasa ( Readers' Theater)

6 Gawing simple at makabuluhan ang pagdiriwang ayon sa tema nito. Iugnay sa pagtuturo ang kahulugan nito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga nasabing aktibis sa klasrum.

7. Pagkatapos ng pagdiriwang, magsubmiti ng ulat/report sa mga isinagawang gawain sa pagdiriwang. Ang report ay ipapasa sa unang linggo ng Setyembre.

8. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

9. Maraming salamat po.

**DR. LORNA G. BUGAYONG, CESO VI**
Pansangay na Tagapamanila